


Musika

Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Ang Ostinato at Descant



Musika – Baitang 4
Alternative Delivery Mode
Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Ang Ostinato at Descant
Unang Edisyon, 2020

“Isinasaad ng **Batas Republika 8293, sekyon 176** na “Hindi maaaring magkaron ng karapatang-ari (sipi) sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito’y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaringgawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.”

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand names, tatak o trademarks, palabras sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis-Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Leo B. Sarmiento
Editor: Jerilyn M. Torio
Tagasuri: Cynthia T. Montañez
Tagaguhit: Emma N. Malapo
Tagalapat: Serena A. Bardaje
Tagapamahala: Gilbert T. Sadsad
Francisco B. Bulalacao, Jr.
Grace U. Rabelas
Ma. Leilani R. Lorico
Jerson V. Toralde
Belen B. Pili
Randy A. Bona

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region V

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Telepono: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

Musika

Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Ang Ostinato at Descant

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Magandang Araw sa iyo!

Maaring magbigay ng karagdangang ganda ang paggamit ng *ostinato* at *descant* sa mga awitin. Ito ay inaawit o tinutugtog kasabay ng *melody*. Sa pag-aaral, maririnig at matutukoy ang iba't ibang uri ng pamamaraan ng paglalagay ng *ostinato* at *descant*. Ganun din, napagtutuunan ng pansin ang pagsasanay sa pag-awit ng mga awiting may *ostinato* at *descant*.

Sa modyul na ito ay malilinang ang iyong kaalaman sa paggamit ng *ostinato* at *descant* sa musika.

Layunin ng modyul na ito ang mga sumusunod;

1. Natutukoy ang *ostinato* o *descant* ng awitin sa pamamagitan ng pakikinig at pagbabasa.



Subukin

Tukuyin kung TAMA o MALI ang mga sumusunod na pangungusap. Ilagay ang Tama o Mali sa patlang bago ang bilang

_____1. Ang *descant* ay may kaugnayan sa bilis o bagal ng musika.

_____2. Ang *rhythmic ostinato* ay maaring tugtugin sa mga rhythmic instruments o gawin gamit ang kilos ng katawan tulad ng padyak at palakpak.

_____3. Ang ostinato ay hindi inuulit-ulit.

_____4. Melodic Ostinato ang tawag sa maikling melodic line o himig na inuulit-ulit na isinasaliw sa isang awit.

_____5. Ang descant at ostinato ay tumutukoy sa parehong konsepyo sa musika.



Balikan

Napag-aralan mo sa nakaraan modyul ang tungkol sa kilos at galaw bilang tugon sa tempo.

Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Alin sa mga sumusunod ang mabilis na tempo?

- a. *piano* b. *largo* c. *forte* d. *presto*

2. Lahat ng mga awitin ay may tempong *presto* maliban sa isa.

Piliin ang naiiba. Pwede ring hanapin sa Youtube sa pamamagitan ng link katabi ng mga awit para gawing gabay sa pagsagot.

- a. “Akong Manok” <https://youtu.be/Jk7OfcqU7Dw>
b. “Ili-ili Tulog Anay” <https://youtu.be/reffH9YQzXk>
c. “Sitsiritsit” https://youtu.be/rjkrdy2A_HI
d. “Chua-ay” <https://youtu.be/fvdYBlJ2PKI>

3. Ano ang *tempo* ng awiting “Sa Ugoy ng Duyan” https://youtu.be/q_gOQVLVUJI ?

- a. mabilis na mabilis c. katamtamang bilis
b. mabilis na mabagal d. mabagal

4. Alin sa mga sumusunod ang mabagal na *tempo*?

- a. *largo* b. *presto* c. *piano* d. *forte*

5. Alin sa mga sumusunod na *element* ng musika ang naglalarawan ng bilis?

- a. melody b. tempo c. rhythm d. dynamics

Source: *Musika at Sining 4, Patnubay ng Guro*



Tuklasin



Source: <https://www.usmagazine.com/entertainment/pictures/pitch-perfect-cast-where-are-they-now/>



Source: <https://www.fandango.com/movie-news/watch-the-10-best-pitch-perfect-cups-covers-749068>

Pamilyar ka ba sa pelikulang “Pitch Perfect”? Napanood mo na ba ito? Kung, Oo, naalala mo ba ang tagpong ito sa pelikula na nasa ikalawang larawan? Kung hindi mo pa ito napapanood maari mong panoorin ang tagpong ito mula sa link.

<https://www.youtube.com/watch?v=Ixi9imJZ40M>

Nagustuhan mo ba ang awitin? Ano ang ginagawa ng bidang babae habang umaawit? Anong napansin mo sa tinutugtog nya gamit ang baso? Paulit-ulit ba ito? Ang bidang babae sa pelikula ay lumikha ng **ostinato** habang inaawit nya ang kantang “When I’m Gone”. Tatalakayin natin sa susunod na pahina ang **ostinato** at **descant**.



Suriin

Ang *ostinato* ay paulit-ulit na *rhythmic pattern* o himig na ginagamit bilang pansaliw sa mga awitin. May dalawang uri ang *ostinato*; *rhythmic* at *melodic ostinato*. Ang *rhythmic ostinato* ay binubuo ng *rhythm* lamang samantalang ang *melodic ostinato* ay binubuo ng *rhythm* at *melody*. Karaniwan ang *rhythmic ostinato* ay tinutugtog gamit ang mga *rhythmic instruments* katulad ng mga marakas at tambol o di kaya’y mga kilos ng katawan tulad ng pagpadyak or pagpalakpak.

1. Pakingan ang awiting ito na pinapagatang “We Will Rock You? Narinig mo ba ang paulit ulit na ritmo? Maari mo bang gayahin ito? Ano kayang uri ng ostinato ang ginamit sa awiting ito?

<https://www.youtube.com/watch?v=WvOKwOEYKU4>

2. Suriin ang musical score sa baba. Napansin mo ba ang inuulit-ulit na ritmo sa bawat *measure* ng awit? Isulat ang *rhythmic pattern* na inuulit sa *musical score*. Ito ay halimbawa ng *rhythmic ostinato* na makikita sa isang musical score.

bu ddy you're a boy make big noise pla ying on the

street gon na be a big man some day you got mud on your face yo big dis-grace

kick king your can all o-ver the place sing-ing we will we will rock you

we will we will rock you

3. Pakinggan naman sa isang awiting ito mula sa bansang Israel na may pamagat na “Zum Gali Gali”. Ano ang iyong napansin sa kanta? Ilang boses ang iyong naririnig na umaawit? Mayroon ka bang naririnig na salitang inuulit-ulit? Maari mo bang isulat ang mga salitang inaawit ng pauulit ulit sa kantang ito? Ano kayang uri ng ostinato ang ginamit sa kantang ito?

https://www.youtube.com/watch?v=8_IT-VvYiQ8

Ang *descant* naman ay isang himig na inaawit kasabay sa itaas ng *melody*, ngunit kaiba sa pangunahing *melody*. Ito ay nagdadagdag sa *texture* ng awitin.


1. Pakinggan naman ang awiting ito mula sa Visayas na may pamagat na “Ili Ili Tulog Anay”. Maririnig sa unang boses ng pag-awit ang *melody* ng kanta. Pagtuuan ng pansin ang ikalawang ulit ng pag-awit. Ano ang iyong napansin? Ilang linya ng musika ang iyong narinig? Mas mataas ba ang ikalawang boses sa *melody*? Ang awiting ito ay mayroong *descant*.

<https://www.youtube.com/watch?v=Cb4kdxHvNOY>

2. Pagmasdan ang *musical score* ng “Magtanim ay ‘Di Biro”.

The image shows a musical score for the song "Magtanim ay 'Di Biro". It consists of three staves of music in 2/4 time. The first staff contains the main melody with the lyrics: "Mag-ta-nim ay 'di bi-ro, mag-ha-pong na-ka-yu-ko, 'Di manlang ma-ka-u-po, 'Di manlang ma-ka-ta". The second staff is labeled "Descant" and contains the lyrics: "'Di bi-ro, mag-ha-pon, 'di yo. Mag-ta-nim, 'di bi-ro, Mag-ha-pong na-ka-yu-ko, 'Di man lang ma-ka-ta-yo." The third staff continues the melody with the lyrics: "lang ma-ka-u-po, 'Di man lang ma-ka-ta-yo." The descant section is marked with a bracket and the word "Descant" above it.

Maliban sa pangunahing titik ng awitin, may napansin kabang karagdagang titik na iniligay sa *musical score*? Maari mo bang sipiin ang mga karagdagang titik na ito? Pansinin ang mga nota ng karagdagang titik, ito ba ay mas mataas or mas mababa sa *melody*? Ang tawag sa karagdagang *musical line* na ito ay *descant*. Sa *musical score*, ito ay nakikitang nakasulat sa itaas ng *melody*.



Pagyamanin

1. Pagmasdan ang musical score na ito ng “Ram Sam Sam”. Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

- a. Ilang *musical parts/lines* ang iyong nakikita? _____
- b. Maari mo bang sipiin ang paulit-ulit na salita sa ikalawang *musical line*? _____
- c. Anong tawag sa paulit-ulit na *musical line* na ito? _____

2. Pagmasdaan ang *musical score* na ito na may pamagat na “Hidden God Devoutly I Adore You”. Ang *melody* nito ay nasa ibabang bahagi. Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

The image shows a musical score for the song "Hidden God Devoutly I Adore You". It consists of two staves of music in 4/4 time. The top staff is the vocal line, and the bottom staff is the piano accompaniment. The lyrics are: "Hid - den God de - vout - ly I a - dore you true - ly". The score includes various musical notations such as notes, rests, and accidentals. Chord symbols are provided below the piano staff: C, F, Dm, G, C, Aahh, Am, C/G, F, Fm, C/G, G, C. The score ends with a "fine" marking.

- Pareho ba ang tono ng melody at ang *musical line* sa taas base sa mga nota nito?_____
- Alin sa tingin mo ang mas mataas ang melody o ang *musical line* sa taas?_____
- Ano ang tawag sa musical line na ito na nasa taas ng melody?_____

3. Pakinggan mabuti ang awitin sa *video* na pinamagatang “Land of the Silver Birch”. Ito ay isang katutubong awitin ng Canada. Matapos pakinggan, sagutin ang mga sumusunod na tanong.

<https://www.youtube.com/watch?v=X9yhMOmW6HQ>

- Anong tawag sa instrumentong unang narinig sa *video*?_____
- Paulit-ulit ba ang tinutugtog nito?_____
- Anong uri ng ostinato ang ginamit sa video?_____

4. Pakinggan muli ang awiting “When I’m Gone” mula sa pelikulang “Pitch Perfect”. Sagutin ang mga tanong.

<https://www.youtube.com/watch?v=Ixi9imJZ40M>

- a. Anong uri ng *ostinato* ang ginagawa ng bidang babae?_____
- b. Saan n’ya tinutugtog ang *ostinato* pattern?_____

5. Pagmasdan ang *musical score* sa ibaba at sagutin ang mga sumusunod na tanong.

The musical score is written in 4/4 time and consists of several staves. The first staff is a vocal line with the lyrics: "here's a pen-ta-ton - nic scale you know _ us - es five notes SO LA". The second staff is a vocal line with the lyrics: "MI MI DO RE MI MI MI MI DO RE". The third staff is a vocal line with the lyrics: "MI RE DO _ DO DO RE RE MI SO LA SO MI _". The fourth staff is a vocal line with the lyrics: "MI MI MI MI DO RE MI MI". The fifth staff is a vocal line with the lyrics: "pen - ta - to - nic works in har mo ny _". The sixth staff is a vocal line with the lyrics: "MI MI DO RE MI MI".

- a. Ilang *musical parts/lines* mayroon ang awitin?_____
- b. Sa anong music part/line matatagpuan ang melody?_____
- c. Mayroon bang inuulit-ulit na melody o ritmo sa *musical score*?_____
- d. Kung mayroon, anong tawag sa inuulit-ulit na *melody/rhythmic pattern* na ito?_____

Pamulinawen

Traditional Filipino Song

Pa-mu-li-na-wen, pu-sok inn-de-ngamman, Toy u-mas-a-sog ag-ra-yo ta sa-diam,
Pa-nu-nu-tem man in-ka pa gin-tu-tul ngann, Toy a-ga-yat ag-ra-yo di-ta sa diam. Es-
sem nga diak-ma-li-pa-tan ta-na-su di-nay a-na-gan u-ray sa di ti a
yan lu-gar sa di mo man Nu ma-la-gip ka pu-sok ti ma bang-a-ran.

Huwag kang magtampo
Iyon ay biro lamang
Di na uulit
Manalig ka hirang
Kung galit ka pa
Parusahang lubusan
At iyong asahang
Hindi magdaramdam

Tunay ang aking pagibig
At hindi biro-biro lamang
Ang puso ko'y sa iyo
Huwag kang magalinlangan
At kung kulang pa rin
Ay kunin mo pa yaring buhay
'Yan ay tanda ng
Sukdulang pagmamahal



Tayahin

A. Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang tawag sa paulit-ulit na *melodic pattern* na ginagamit bilang pansaliw sa awitin?

- a. *ostinato*
- b. *descant*
- c. *rhythmic ostinato*
- d. *melodic ostinato*

2. Aling *element* ng musika ang nabibigyang halaga ng ostinato?

- a. *rhythm*
- b. *melody*
- c. *dynamics*
- d. *texture*

3. Sa paanong paraan natutukoy ang *ostinato*?

- a. sa pakikinig
- b. sa pagbabasa
- c. sa pakikinig at pagbabasa
- d. wala sa nabanggit

4. Ano ang tawag sa paulit-ulit na *rhythmic pattern* na ginagamit bilang pansaliw sa awitin?

- a. *ostinato*
- b. *descant*
- c. *rhythmic ostinato*
- d. *melodic ostinato*

5. Ano ang tawag sa isang himig na inaawit kasabay ng *melody* na karaniwang makikita sa itaas ng *melody* sa *musical score*?

- a. *ostinato*
- b. *descant*
- c. *rhythmic ostinato*
- d. *melodic ostinato*



Karagdagang Gawain

1. Pag-aralan ang awit. Pag-awit nang may ostinato.

Hear the Rain

Pit-ter pat-ter, pit-ter pat-ter hear the rain, Pit-ter pat-ter pit-ter pat-ter on the
rain, Pit-ter pat-ter pit-ter pat-ter co-ming down, Drip drop, drip drop on the town.

Gawin ang mga sumusunod:

- a. Awitin ang “Hear the Rain” *i-record* ito para gawing gabay upang maisagawa ang iba pang mga gawain.
- b. Gawin mo ang ostinatong ito habang pinapatugtog ang na- *i-record* na awit ng “Hear the Rain”. *i-record* din ito o kaya naman hikayatin mo ang isang kasamahan sa bahay para magawa mo ang gawaing ito at sa mga susunod pang mga gawain.

la
melodic ostinato: sol la sol la sol la sol
Pit-ter pat-ter pit - ter pat - ter

- c. Gawin din ang *melodic ostinato* na ito habang pinapatugtog ang na-*i-record* na awit na “Hear the Rain” o kaya *record* ng unang *melodic ostinato*.



melodic ostinato: mi do
 drip drop

d. Pagsabay-sabayin ang lahat ng na-i-record na *melodic ostinato* kasama ang panghuling *melodic ostinato*.



melodic ostinato: do
 splash

2. Sa awiting “Magtanim ay ‘Di Biro”, awitin ang *melody* at i-record ito, pakatapos awitin naman ang *descant* na naaayon sa kung ano ang pagkalahad nito sa *musical score* o kaya naman hikayatin ulit ang kasamahan mo sa bahay para maisagawa mo ang gawaing ito. Gamit ang *rubrics* na ito kopyahin at lagyan nang tsek kung napakahusay, mahusay, at di-gaanong mahusay sa mga gawain.

Gawain	Napakahusay	Mahusay	Di-gaanong Mahusay
1. Naawit nang tama ang <i>descant</i> ng awitin.			
2. Naipakita ang pagsunod sa mga gawaing itinakda			
3. Naipakita ang lubos na kasiyahan sa mga gawain			



Susi sa Pagwawasto

Subukin	1. Mali	2. Tama	3. Mali	4. Tama	5. Mali
Pagmamain	1. a. 2 b. Ram Sam Sam c. Rhythmic Ostinato	2. a. Hindi b. Musical line sa itaas c. descant	3. a. Drum/Tambol b. Oo c. Rhythmic Ostinato	4. a. Rhythmic Ostinato b. cup/tasa/baso	5. a. 2 b. Ist/Una c. Mayroon d. melodic ostinato/ostinato
Isaisip	1. RHYTHMIC OSTINATO 2. DESCANT 3. MELODIC OSTINATO 4. OSTINATO 5. TEXTURE				
Isagawa	1. Gawain paggamit ng sariling likha o improvisation				
Tayahin	1. d	2. d	3. c	4. c	5. b
Isagawa	1. Paggawa ng sariling likha o improvisation				

Sanggunian

Copiaco, Jacinto Jr., Halinang Umawit at Gumuhit, Vibal Group Inc.,2016

Kagawaran ng Edukasyon, Patnubay ng Guro, Book Media Press Inc.,2015

Kagawaran ng Edukasyon, Kagamitan ng Mag-aaral, Book Media Press Inc.

2015

Valdecantos, Emelita C. Umawit at Gumuhit, St. Mary's Publishing Corp.,

1999

Factora, Miriam B., Philippine Children's Songs Spoken Rhymes and Games for

Teaching Book Two, Manila Philippines

teacherspayteachers.com, Composing Ostinatos in Elementary Music/ Elementary
Music Lesson,

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph